ANG BATAS SA SCOTLAND

Ang mga Pulis sa Scotland ay may kapangyarihan na magbigay ng mga babala at magtalaga ng multa para sa mga kasong di masyadong malubha. Ang ibang mga kaso ay pwedeng iulat sa Prosecutor Fiscal (Pampublikong Piskal) para sa pagsumite ng kaukulang ebidensya. Ang Procurator Fiscal ay pwedeng magpalabas ng babala o multa para sa paglilitis sa hukuman. Basahin ang mga sumusunod na karaniwang pagkakasala.

BATAS SA PAG-INOM NG ALAK

Sa Scotland, ang may edad na 18 lamang ang may karapatang makabili ng alak. Pagbebenta ng alak sa mga menor de edad ay isang pagkakasala. Isang pagkakasala din ang pagaalaga o pagaaruga ng bata , kung nakainom o lasing. Pananatili din sa mga lisensyadong lugar kung nakainom at pagtangkang pagbili ng alak habang lasing ay isa rin pagkakasala. Sa maraming bayan sa Highlands and Islands isang pagkakasala ang pag-inom ng alak sa mga pampublikong lugar. Isang pagkakasala din ang pagihi sa pampublikong lugar.

HAYOP

May mga uri ng paglabag sa mga tao na mali ang pagtrato sa mga alagang hayop o mababangis na hayop.

PAG-ATAKE

Ang pag-atake ng isang tao sa iba,kahit meron o walang pananakit na naganap. Ang batas na labanan, ng isa laban sa isa o dalawang tao ay isa ring pag-atake. Sa Scotland, ang pag-atake ng isang tao sa kanyang kinakasama o dating kinakasama(karahasan sa tahanan) ay isang seriosong usapin na ang maysala ay maaring mabilanggo bago humarap sa hukuman.

PAGPIPIYANSA

Ang taong hindi sumusunod sa batas ng kaukulang piyansa, o lumabag sa kautusan ng piyansa ay maaring humarap sa hukuman.

PAGLABAG SA KAPAYAPAAN

Anumang uri ng pangugulo o paggambala sa katahimikan ng publiko ay sapat upang magbigay ng kaguluhan sa komunidad. Anumang pagtanggi sa nasabing paguugali ay maaring humantong sa pagkaaresto. Mayroon din sala sa pagbabanta o abusadong paguugali.

MGA BATA

Walang legal na edad kapag ang isang bata ay maaaring iwanan sa tahanan na nag-iisa at ito ay desisyon ng magulang / tagapag-alaga / Sentido kumon na lang ang paiiralin kung ang bata ay may kakayahang pangalagaan ang kanyang sarili at hindi dapat na iwanan ang bata sa mahabang panahon lalo na sa gabi

Sa Scotland, walang legal na edad para sa pagaalaga ng bata (babysitting). Responsibilidad ng magulang na pairalin ang sentido kumon sa pagdedesisyon. Dapat tandaan na ang batang 16 taong gulang ay hindi pwedeng ihabla sa pagpapabaya o pagmamaltrato sa kanilang pangangalaga. Ang mga magulang/tagapagalaga ang mananagot sa mga ganitong sitwasyon, para sa nasabing edad. Isang pagkakasala ang pag-atake ng bata, kahit ito ay sariling anak. Isang pagkakasala ang paglalantad ng isang tao sa edad na 16 taong gulang sa kapahamakan.

ParentLine Scotland 0800 028 2233 ay isang libre, kumpidensyal Helpline at serbisyo ng email para sa sinuman na nababahala tungkol sa isang bata. Helpline ay magagamit pitong araw sa isang linggo: Lunes, Miyerkules at Biyernes 9am to 5pm, Martes at Huwebes 9am to 10pm, Sabado at Linggo 12pm to 8pm.

PAGLABAG NG PANLILINLANG

Ito ay sumasaklaw sa mga krimen ng pagnanakaw, pagnanakaw sa pamamagitan ng panloloob,pagnanakaw mula sa mga sasakyan, pandaraya, paglustay, pangingikil. Sadyang pagtanggap ng mga nakaw na bagay ay isang krimen na "reset" sa Scotland. Pagnanakaw sa pamamagitan ng panloloob sa bahay ng iba ay isang mabigat na kaso sa Scotland. Ang pandaraya sa pamamagitan ng pagangkin ng benepisyo at di pagbibigay alam ng mga pagbabago sa naganap sa kanila ay isa ring pagkakasala

BAWAL NA GAMOT

Ang Misuse of drugs Act of 1971 ay ginagawang labag sa batas ang pagkakaroon,paggawa,at pagbibigay ng mga kontroladong gamot na nasa kategorya ng Class A(kasama ang heroin, cocaine,ecstacy at LSD, na kilala din bilang "acid", Class B(kasama ang speed, cannabis, mephedrone at ibang amphetamines) and Class C(kasama ang ketamine, GHB,at ilang mga tranquilizers). Ang paglalako ng droga ay isang mabigat na pagkakasala at pwedeng humarap sa demanda sa Mataas na Hukuman at mahatulan ng hanggang 14 na taong pagkakabilanggo.

PAGPAPALAKAS NG APOY

Sinadya o walang ingat ng panununog ng apoy sa ari-arian na pag-aari ng iba ay isa pang uri ng matinding pagkakasala.

ANG MAPANLINLANG NA MGA PAGHAHABOL NG BENEPISYO

Kung ang isang tao ay nagaangkin ng anumang mga benepisyo ng estado na kung saan sila ay walang karapatan o hindi na karapat-dapat ay maaari silang iulat sa prokurator Fiscal para sa pandaraya. Ang mga parusa para dito ay mga multa, serbisyo sa komunidad, pagkabilanggo at mga order ng muling pagbabayad ay pangkaraniwan.

KRIMEN NG KAMUHIAN

Krimen nakatuon bilang resulta ng galit ng isang tao na dahil sa kanilang lahi, relihiyon, kapansanan o sekswal na oryentasyon ay isa ring seryosong bagay.

KUTSILYO AT ARMAS

Ito ay isang kasalanan ng pagkaroon ng armas sa isang pampublikong lugar. Isang kasalanan ang pagkakaroon ng isang tulis o marahas na bagay sa isang pampublikong lugar nang walang makatwirang dahilan. Isa ding krimen ang maling paggamit ng paputok.

KALAT AT BASURA

Pagkakalat at di tamang pagtapon ng basura ay labag sa batas sa Scotland. Isang pagkakasala din ang pagkabigong pulutin ang dumi ng aso.

PULIS

Isang pagkakasala ang pag-atake, paglaban, o hadlangan ang pulis. Isang krimen ang magbigay ng maling pangalan o detalye sa pulis. Isang krimen din ang magbigay ng maling paratang o sayangin ang oras ng pulis.

BATAS SA TRAPIKO

Kabilang dito ang pagmamaneho nang walang lisensya, walang insurance,walang MOT test certificate na nagpapatunay na ang sasakyan ay maaring gamitin sa daan(kung ang sasakyan ay 3 taon o lampas), walang tax disc , matuling, walang ingat pagmamaneho, mapanganib na pagmamaneho at pagmamaneho sa ilalim ng impluwensiya ng alak at bawal na gamot.

Ang mga legal na limitasyon para sa mga antas ng alak ay nag-iiba sa buong mundo. Sa Scotland ang legal na mga limitasyon ay hindi lalampas sa mga sumusunod : 35 micrograms sa bawat 100ml ng hininga, 80 milligrams sa bawat 100ml ng dugo at 107 milligrams sa bawat 100 ML ng ihi. Anumang isa sa mga uri ng sample ay maaaring kinakailangan mula sa mga naaresto kapag sila ay napagdudahan na sila ay nagmamaneho ng lasing depende sa mga pangyayari.

Ang korte ay maaaring maglagay ng puntos sa lisensya ng pagmamaneho, alisan ng karapatan (ng hindi bababa sa 12 buwan),multa (hanggang sa £ 5000) at

ikulong ang mga nagkasala.. Sa ilang mga kaso mga sasakyan ay maaaring kumpiskahin at wasakin.

MGA SALANG SEKSWAL

Ang edad ng pahintulot sa Scotland ay 16 taon gulang. Mahigpit na pinagbabawal ang pagkakaroon ng sekswal na ugnayan sa isang tao na mas bata sa edad 16 kahit sila ay sangayon man o hindi. Ano mang sexual na pagkakasala ay hahantong sa pagkabilanggo.

TELEBISYON

Isang pagkakasala ang paggamit ng telebisyon na walang lisensya. Isang sala din ang pagpapatugtog ng malakas na nakakagambala sa iba.